Isang taong panalangin
Enero 1 - Disyembre 31, 2015

ARAW NG REBOLUSYON

Ika -17 ng Febrero, 2015

"Pagyamanin ninyo ang lunsod na pinagdalhan sa inyo. Idalangin ninyo sila sapagkat kayo rin ang makikinabang kung sila'y umunlad."

Jeremias 29:7

TUNGKOL SA ARAW NG REBOLUSYON

Ang ika – 17 ng Pebrero, 2011, ang opisyal na petsa kung saan nag-umpisa ang rebolusyon sa Libya kontra sa regimen ni Muammar Gaddafi. Ang isang mapayapang pag-aalsa ng mga kababaihan at kabataan ay nauwi sa isang marahas na pagbabangayan ng mga military sa lungsod ng Benghazi. Nagresulta ito sa isang matinding digmaan sibil. Pinatay si Gaddafi ng mga puwersang rebelled noong ika-20 ng Octobre, 2011. Sa kabila ng tagumpay para sa mga rebolusyonaryo, hanggang ngayon nahihirapan pa ring maka-ahon ang bansang ito.

Hindi pa rin nila nakamtan ang kapayapaan sa dahilang marami pa ring mga tribu ang naglalaban-laban para makontrol ang mga ibat-ibang rehiyon. Nahihirapan ang gobyernong pambansa na maisakatuparan ang pagkakaisa ng mga Libyano. Pinapanood ng lahat ng mga bansa kung ang mga Libyano ay magkakaisa o magpapatuloy sa karahasan at pamumuhay na walang respeto sa batas.

PAMAMARAAN SA PANALANGIN

- Ipanalangin na mapagtagumpayan ng bansang Libya ang awayan ng mga tribu at makamtan nila ang kapayapaan.
- Ipanalangin na ang ika-17 ng Pebrero ay magsilbing isang pagdiriwang ng pagkakaisa ng bansa sa halip na magkawatak-watak.
- Ipanalangin na magsilbing magandang gabay at tagapayo ang ibang bansa para magkaroon ng isang matatag na gobyernong pambansa.